

Tekstong Salin ng mga Piling Alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo

Rhoda Lallen-Pamposa (EdD)

Iloilo State College of Fisheries-San Enrique Campus, San Enrique, Iloilo, Philippines
francispamposa28@gmail.com

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**
Vol. 7 No.1, 70-82
February 2019, Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

Date Received: September 19, 2017; Date Revised: February 21, 2019

Abstrak - *Madaling mahulaan kung anong mayroon ang isang bayan sa pamamagitan ng kanyang panitikan. Dito malalaman ang kultura, pamumuhay at lalong-lalo na ang pinagmulan nito. Ito ay maaring sa anyong kuwentong bayan, karunungan-bayan at awiting bayan.*

Sa pag-aaral na ito, nangalap, nagsalin at sinuri sa Filipino ang mga piling alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo sa apat na bayan kung saan matatagpuan ang mga Kolehiyo ng Iloilo State College of Fisheries. Sa mga bayan na ito isinagawa ang pag-aaral. Upang lalong mapagbuti ang pag-aaral ay kinapanayam ng mananaliksik ang mga mahalagang taong kasangkot sa pag-aaral gaya ng mga opisyal ng barangay, matatandang maaring may kaalaman tungkol sa mga alamat at mga taong dalubhasa sa larangan ng Panitikan maging ang Sining at Kultura ng Ikaapat na Distrito ng Iloilo. Matapos ang mga hakbanging nabanggit, isinalin ng mananaliksik ang mga nakalap na mga alamat. Sinuri rin ang mga ito gamit ang Pananalig at Dulog Pampanitikang Historikal, Sosyolohikal, at Kultural.

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga alamat mula sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay naganap sa iba't ibang panahon na naging dahilan sa pagkapangalan ng bawat barangay batay sa tanim, bagay at pangyayari. Tumatalakay rin ito sa mga kasaysayan, pamumuhay at kultura ng mga Ilonggo.

Susing-salita: *Alamat, Pagsasalin, Pagsusuri, Kultura*

INTRODUKSYON

Ang panitikan ay ang pangunahing salamin ng kultura ng sambayanan. Dito inilalarawan ang kanyang kahapon, ngayon at hinaharap. Dahil sa magkakaibang mga pamaraan ng pagpapahayag ng mga damdamin at kaisipan ng bawat tao, nagiging sarisari rin ang anyo ng panitikan. Nagsimula ito bilang pasalitang pagpapahayag o salim-bibig hanggang sa landasin nito ang daan tungo sa pagkalimbag patuloy itong dumaloy hanggang sa kasalukuyan sa iba't ibang anyo yulad ng dahil alamat. Sa ganitong paraan ay napagtanto ng nagsisunod na salinlahi ang mga pangyayari at kaisipan ng kanilang mga ninuno.

Ang mananaliksik ay nagtuturo ng mga medyor na asignatura sa Filipino sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Elementaryang Edukasyon. Kapag tinatalakay na ang mga alamat kanyang napupuna na ang mga halimbawang binibigay ng mga estudyante na makikita sa mga aklat at internet ay pawang mga alamat ng ibang lugar. Sa lalawigan ng Iloilo lalo na sa Ikaapat na Distrito ay maraming makasaysayan at magandang alamat na maaaring maisama sa mga aklat at magamit sa pagtuturo. Sa ngayon, gaya ng ibang uri ng panitikan, ang alamat ay unti-unti nang nawawalan ng sagsay sapagkat kapag ito

ay binabanggit ng mga matatanda, binabale-wala at tinatawanan na lamang ito ng mga kabataan.

Gayon pa man, ayon kay Siason (2002) may kaunting buhay pa naman itong nalalabi sa mga kanayunan, dahil ang mga alamat ay patuloy pa ring pinaniniwalaan ng mga taganayon.

Isa rin itong hamon at pagkakataon para maibahagi ang Panitikang Hiligaynon sa buong Pilipinas.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang mananaliksik ay naglalayong maisalin, masuri at matalakay ang implikasyon ng mga alamat sa gawi, paniniwala, pag-uugali at uri ng pamumuhay ng mga Ilonggo sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo.

METODOLOHIYA

Paglalahad ng Suliranin

Ang mananaliksik ay naglalayong maisalin, masuri at matalakay ang implikasyon ng mga alamat sa gawi, paniniwala, pag-uugali at uri ng pamumuhay ng mga Ilonggo sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo.

Desinyo ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pananaliksik ay ibinatay sa disenyong kwalitatibo. Pamaraang panlarawan pagsusuri ng nilalaman (descriptive – content analysis) ang ginamit sa pananaliksik dahil inilarawan at sinuri ng pag-aaral na ito ang mga piling alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo batay sa pananalig at dulog na historikal, sosyolohikal at kultural na nakapaloob sa alamat. Gumamit din ng katanungang open-minded na nagbigay ng pagkakataon sa mga kinapanayam na malayang makapagpahayag ng kanilang pagpapahalaga, paniniwala, at kaugalian sa isang takdang panahon [1].

Kaligiran ng Pananaliksik

Ang Rehiyon VI tulad din ng ibang mga rehiyon ay may maipagmamalaking literatura na nagsisilbing salamin ng pamumuhay ng mga mamamayan nito. Ang pag-iisip, talino, damdamin, mga kaugalian at kultura sa kabuuan ay nababakas sa mga karunungan – bayan, awiting-bayan, mga kuwentong-bayan at pamahiin ng rehiyon.

Ang lalawigan ng Iloilo ay napapabilang sa Rehiyon VI at ito ay matagpuan sa Kanlurang Bisayas na nasa Timog-Silangang bahagi ng Isla ng Panay. Ang Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng lungsod ng Iloilo. Ang pananaliksik ay isinagawa sa mga kolehiyo ng Iloilo State College of Fisheries (ISCOF) na kinabibilangan ng ISCOF-Main Poblacion, Barotac Nuevo, Iloilo; ISCOF- Dingle Campus, Dingle, Iloilo; ISCOF - Dumangas Campus, Dumangas, Iloilo; at ISCOF-San Enrique Campus, San Enrique, Iloilo.

Paglalarawan ng Sampol

Ang Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay binubuo ng walong bayan at ito ay hitik sa mga alamat ngunit pinili lamang ng mananaliksik ang mga alamat ng mga bayan ng Barotac Nuevo, Dingle, Dumangas at San Enrique na kung saan matatagpuan ang mga paaralan ng Iloilo State College of Fisheries.

Instrumentong Ginamit

Ang unang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay ang talatanungan para sa mga tagatugon sa bawat barangay na binuo ng mananaliksik at pinabalido ito. Ang talatanungan ay pinabalido sa dalubhasa sa wika at panitikan, at sining at kultura. Ang talatanungan ay hinggil sa personal na profayl ng mga tagatugon, ang pagpapahalaga ng pagkakapangalan ng kanilang barangay, at iba pa na nagsilbing gabay na katanungan sa ginawang pakikipanayam. Ang talatanungan ay nakasulat sa Filipino at ito ay isasalin sa Hiligaynon upang lubos na mauunawaan ng mga impormante ang nais makuhang datos ng mananaliksik.

Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang mga sumusunod na hakbang ay isinagawa matapos isaalang-alang ang lahat na maaring mapagkunan ng iba't ibang kabatiran at kaalaman kalakip ang mga kagamitang ginamit.

Una, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa opisina ng mga alkalde ng pamahalaang-bayan na kasangkot sa pag-aaral, nakipagpulong sa mga opisyal na barangay at nakipanayam sa mga matatanda sa mga napiling barangay ng bayan ng Barotac Nuevo, Dingle, Dumangas, at San Enrique, kung saan isinagawa ang pananaliksik. Pagkatapos likumin ang mga alamat at mahahalagang impormasyon kaugnay ng mga ito, isinagawa ang pagsasalin batay sa pamantayan ni Santiago [2] sa pagsasalingwika. Sinuri ng mananaliksik ang mga alamat batay sa nilalaman o pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay ng mga bayan ng Ikaapat na Distrito ng Iloilo gamit ang Pananalig at Dulog Pampanitikan na Historikal, Sosyolohikal at Kultural. At panghuli ay inalam ng mananaliksik ang mga implikasyon ng mga alamat sa kaugalian, pagpapahalaga, at paniniwala ng mga Ilonggo at maging ang ilang mga kaganapan sa mga lugar sa Iloilo.

Teoretikal na Lapit

Ginawang batayan at sanligan sa pananaliksik na ito ang ilang teorya at pag-aaral ng ilang mananaliksik hinggil sa pagsasalin at pagsusuri upang matugunan ang suliraning may kinalaman sa pagpapakahulugan ng mga napiling alamat:

Teorya sa Pagsasaling-Wika. Ayon kay Santiago [3], ang pagsasaling-wika ay isang sining. Ang wika o bawat wika'y may kani-kanilang balangkas ng mga pangungusap, may kani-kanilang sistema sa pagbuo ng mga salita sa pagpapahayag ng kaisipan. Sinabi pa niya, ang tagapagsalin ay hindi dapat mabilanggo sa kakanyahan ng wikang isinasalin sapagkat may sariling kakanyahan din ang wikang pinagsalanan. Ang lalong mahalaga ay ang magiging reaksyon ng babasa ng salin hangga't maaari ay maging katulad na katulad halos ang magiging reaksyon ng babasa ng orihinal na teksto.

Teoryang Apersepsyon ay tumalakay sa paniniwalang ang tao ay may sariling pag-iisip at hindi lamang umaasa sa kanyang nakikita sa kapaligiran. Kaya rin ng taong bumuo ng bagong kaisipan at mga ideya batay sa kanyang karanasan.

Teoryang Pagpapahalaga. Ang teoryang ito ay inuugnay sa teorya nina Coady at Goodman (1979), upang lubusang maunawaan ang teksto, kailangang maiugnay ng tagabasa ang dating alam sa kanyang kakayahang bumuo ng mga konsepto, kasanayan at

kaisipan mula sa mga naiprosesong informasyon sa pagbasa.

RESULTA AT PAGTALAKAY

PAGSALIN SA FILIPINO NG MGA PILING ALAMAT SA IKAAPAT NA DISTRITO NG ILOILO

Manghad 1. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Baras

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Sang-una nga tiyempo sang wala pa makaabot ang mga Katsila sa Pilipinas, ang lugar may iya na nga ngalan. Ang lugar may masangkad nga suba. Ang ini nga suba malapit sa dagat, ang hunas sang dagat nagalab-ot sa suba nga amo ang kabangdanan nga nagalutak ang suba bisan sa tiyempo sang tingadlaw.</p> <p>Nabudlayan ang mga pumuluyo magtabok sa pihak sang pangpang para maka-estoryahanay ukon makapalab-ot sang mensahe sa isa kag isa. Gani, imposible nga magkilalahay kag maghirupay ang mga tawo nga nagapuyo sa lugar.</p> <p>May daku nga kaangtanan ang paghingalan sang suba sa lugar. Ang kasaysayan nagasugid man nga ang tawo sa lugar nga ini nakadiskobre sang baras-barason nga klase sang duta sa tunga sang suba. Ang mabarasa nga parti amo ang maka-konekta sa tabuk sang suba nga mas masangkad pa sa karsada sang banwa.</p> <p>Nagkinalipay gid ang mga tumandok sang ila nadiskobrihan kag wala sila mag-uyang pa sang oras sa pagkadto para tan-awon ang baras-barason nga parte sang suba. Sang ini ila masigurado, nagselsebrar sila sang maayo nga swerti. Luwas sang parti nga ini, ang iban nga parti sang suba puno na sang lunang nga kon imo pagaagyan magasalop ka sa idalom sang lunang.</p> <p>Ang “BARAS” sa Hiligaynon nga panghambal, ang buot hambalon sa Ingles “SAND”.</p> <p>Gintawag sang pumuluyo ang lugar nga Barangay Baras para ipabutyag ang kaimportante sang pagkadiskobre sang baras sa lugar nga amo ang gin-umpisahan nga makatabok sila sa pihak sang pangpang.</p> <p>Ang Barangay Baras may sakop nga Sitio Bankiling nga ang mga orihinal nga pamilya nga naga-puyo amo ang mga BAYONA. Ini ang pagkilala kay Kapitan Beting nga nangabudlay para sa pag-umwad sang lugar.</p>	<p>Noong unang panahon bago dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, ang lugar ay mayroon ng pangalan. Ang lugar ay may malawak na ilog. Ang ilog na ito ay malapit sa dagat, ang “<i>hunas</i>” (low tide) ng dagat ay makakarating sa ilog na siyang dahilan ng pagkakaroon ng putik kahit sa panahon ng tag-araw.</p> <p>Nahihirapan ang mga mamamayan sa pagtawid sa kabilang pampang ng ilog para makipagtalastasan o maiparating ang kanilang mensahe sa mga taong naninirahan sa kabilang pampang kaya mahirap makipag-ugnayan isa’t isa.</p> <p>May malaking itong dahilan ang ilog sa naging pangalan. Ayon sa kasaysayan nakatuklas ang mga tao sa lugar ng mabuhanging bahagi ng lupa sa gitna ng ilog. Ang mabuhanging bahaging ito ay nag-uugnay sa dalawang pampang ng ilog, na mas malawak pa sa kalsada ng bayan.</p> <p>Ang mga ninuno ay nasiyahan sa pagkatuklas at hindi na nila pinalipas ang pagkakataon, agad nilang pinuntahan at tiningnan ang mabuhanging bahagi ng ilog. Nang kanilang matiyak na ang mabuhanging bahagi ng ilog ay maaari ng madaanan ng mga mamamayan, hindi na sila nagsayang ng pagkakataon, at sila ay nagdiwang sa magandang biyaya. Bukod sa bahaging ito, ang ibang bahagi ng ilog ay mga putik at ang sinumang dadaan ay malulubog sa putik.</p> <p>Sa Hiligaynon, ang BARAS ay buhangin sa Filipino at <i>sand</i> sa English. Tinawag ng mga residente ang lugar na Barangay Baras para ipahayag ang kahalagahan ng pagkadiskobre ng buhangin sa lugar na siyang dahilan na makatawid sa kabilang dalampasigan.</p> <p>Sakop ng Barangay Baras ang Sitio Bankiling na ang orihinal na pamilyang nakatira rito ay ang mga Bayona. Ito ay pagkilala sa pagsisikap ni Kapitan Beting para umasenso ang lugar.</p>

Manghad 2. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Palaciawan

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang Barangay Palaciawan makit-an sa naaminhan nga parti sang banwa sang Barotac Nuevo. Sa nakatungdan sang Barangay Baras, sa nabagatnan sang Barangay Talisay kag Barangay Jalaud kag naaminhan sang Barangay Tiwi.</p> <p>Ang ngalan sang lugar naghaling sa tinaga nga “PALACIO” nga ang buot singganon “PALASYO”. Suno sa istorya sang panahon sang Katsila may isa ka Opisyal nga Espanyol nga tama gid ka manggaranon, maimpluwensya kag mapintas. Sa higad nayon sang suba nagpatindog siya sang isa ka daku nga balay, nga gintawag sang mga tawo nga “PALASYO”, kag dira siya nagapuyo. Siling sang mga katigulangan ang tawo nga ini tama ka manggaranon kag maimpluwensya.</p> <p>Nagapanag-iya man siya sang daku nga yate kag mga barko (BATEL) kag ang bilog nga lupa sa lugar nga ini siya ang nagapanag-iya sang ginatawag nga “HARDIN”. Isa ka matahum nga talan-awon ang lugar nga Hardin nga kon sa diin makita ang mga nagkalalain-lain nga klase sang prutas kag mga talunon nga mga bulak.</p> <p>Sa likod sang mga matahum nga talan-awon sa palibot, ang tawo nga ini ang naga dumala sang lugar sa tama ka lain nga pamaagi. Mapiguson ang iya pagdumala sa iya mga sakop, ginapilit niya ang tanan nga bataon kag maanyag nga dalaga nga mangin iya asawa. May hurubaton nga ginasiling ang mga tumandok nga “CANTO WANTS, CANTO GETS”. Umpisa sadto ang mga bataon nga mga dalaga nagapanago sa iban nga lugar para lang makapalayo sa mapintas kag malain nga Espanyol.</p> <p>Sang ikaduha nga giera ang mapintas nga Espanyol napatay sa patag-awayan kag sang Septiembre, 1945. Ang lugar gintawag nga Barangay/Barrio “PALACIAWAN” nagikan sa tinaga nga “PALACIO WANT”.</p>	<p>Ang Barangay Palaciawan ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng bayan ng Barotac Nuevo, sa kanluran ng Barangay Baras, sa timog ng Barangay Talisay at Barangay Jalaud at hilaga ng Barangay Tiwi.</p> <p>Ang pangalan ng lugar ay nagmula sa salitang “PALACIO” na ang ibig sabihin ay “PALASYO”. Ayon sa kuwento noong panahon ng Kastila, mayroong isang opisyal na Espanyol na ubod ng yaman, maimpluwensya at malupit. Nagpatayo siya ng isang malaking bahay sa tabi ng ilog na tinatawag ng mga tao na “PALASYO”, at dito siya naninirahan. Sabi ng mga matatanda ang taong ito ay ubod ng yaman at maimpluwensya.</p> <p>Nagmamay-ari din siya ng malalaking yate at mga barko (BATEL) at ang buong lupain sa lugar na ito ay pagmamay-ari niya at tinawag na “HARDIN”. Isang magandang tanawin ang lugar na “HARDIN” na kung saan makikita ang iba’t-ibang uri ng prutas at mga bulaklak sa kabubatan.</p> <p>Sa kabila ng mga magandang tanawin sa paligid, pinamamahalaan ng taong ito ang lugar sa masamang paraan. Malupit siya sa pamamahala sa kanyang nasasakupan, pinipilit niya ang lahat na magagandang dalaga na maging kanyang asawa. May kasabihang sinasabi ang mga ninuno na “CANTO WANTS, CANTO GETS”. Simula noon ang mga dalaga sa lugar ay lumisan at naninirahan sa ibang lugar upang magtago sa malupit at masamang Espanyol.</p> <p>Noong Ikalawang Digmaan, ang malupit na Espanyol ay namatay sa pakikipaglaban noong Setyembre, 1945. Ang lugar ay tinawag na Barangay/Barrio “PALACIAWAN” na nagmula sa salitang “PALACIO WANT”.</p>

Manghad 3. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Tinori-an

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang Barangay Palaciawan makit-an sa naaminhan nga parti sang banwa sang Barotac Nuevo. Sa nakatungdan sang Barangay Baras, sa nabagatnan sang Barangay Talisay kag Barangay Jalaud kag naaminhan sang Barangay Tiwi.</p> <p>Ang ngalan sang lugar naghaling sa tinaga nga “PALACIO” nga ang buot singganon “PALASYO”. Suno sa istorya sang panahon sang Katsila may isa ka Opisyal nga Espanyol nga tama gid ka manggaranon, maimpluwensya kag mapintas. Sa higad nayon sang suba nagpatindog siya sang isa ka daku nga balay, nga gintawag sang mga tawo nga</p>	<p>Ang Barangay Palaciawan ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng bayan ng Barotac Nuevo, sa kanluran ng Barangay Baras, sa timog ng Barangay Talisay at Barangay Jalaud at hilaga ng Barangay Tiwi.</p> <p>Ang pangalan ng lugar ay nagmula sa salitang “PALACIO” na ang ibig sabihin ay “PALASYO”. Ayon sa kuwento noong panahon ng Kastila, mayroong isang opisyal na Espanyol na ubod ng yaman, maimpluwensya at malupit. Nagpatayo siya ng isang malaking bahay sa tabi ng ilog na tinatawag ng mga tao na “PALASYO”, at dito siya naninirahan. Sabi ng mga matatanda ang taong ito ay ubod ng yaman at maimpluwensya.</p>

<p>“PALASYO , kag dira siya nagapuyo. Siling sang mga katigulangan ang tawo nga ini tama ka manggaranon kag maimpluwensya.</p> <p>Nagapanag-iya man siya sang daku nga yate kag mga barko (BATEL) kag ang bilog nga lupa sa lugar nga ini siya ang nagapanag-iya sang ginatawag nga “HARDIN”. Isa ka matahum nga talan-awon ang lugar nga Hardin nga kon sa diin makita ang mga nagkalalain-lain nga klase sang prutas kag mga talunon nga mga bulak.</p> <p>Sa likod sang mga matahum nga talan-awon sa palibot, ang tawo nga ini ang naga dumala sang lugar sa tama ka lain nga pamaagi. Mapiguson ang iya pagdumala sa iya mga sakop, ginapilit niya ang tanan nga bataon kag maanyag nga dalaga nga mangin iya asawa. May hurubaton nga ginasiling ang mga tumandok nga “CANTO WANTS, CANTO GETS”. Umpisa sadto ang mga bataon nga mga dalaga nagapanago sa iban nga lugar para lang makapalayo sa mapintas kag malain nga Espanyol.</p> <p>Sang ikaduha nga giera ang mapintas nga Espanyol napatay sa patag-awayan kag sang Septiembre, 1945. Ang lugar gintawag nga Barangay/Barrio “PALACIAWAN” nagikan sa tinaga nga “PALACIO WANT”.</p>	<p>Nagmamay-ari din siya ng malalaking yate at mga barko (BATEL) at ang buong lupain sa lugar na ito ay pagmamay-ari niya at tinawag na “HARDIN”. Isang magandang tanawin ang lugar na “HARDIN” na kung saan makikita ang iba’t-ibang uri ng prutas at mga bulaklak sa kagubatan.</p> <p>Sa kabila ng mga magandang tanawin sa paligid, pinamamahalaan ng taong ito ang lugar sa masamang paraan. Malupit siya sa pamamahala sa kanyang nasasakupan, pinipilit niya ang lahat na magagandang dalaga na maging kanyang asawa. May kasabihang sinasabi ang mga ninuno na “CANTO WANTS, CANTO GETS”. Simula noon ang mga dalaga sa lugar ay lumisan at naninirahan sa ibang lugar upang magtago sa malupit at masamang Espanyol.</p> <p>Noong Ikalawang Digmaan, ang malupit na Espanyol ay namatay sa pakikipaglaban noong Setyembre, 1945. Ang lugar ay tinawag na Barangay/Barrio “PALACIAWAN” na nagmula sa salitang “PALACIO WANT”.</p>
---	---

Manghad 4. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Tubungan

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang Barangay Tubungan makit-an sa sidlangan nga parti sang Barotac Nuevo. Bantog sang-una sa ngalan nga “TULUGBUNAGAN” nga may tatlo ka sityo nga TAKAS, GINUG-AN KAG AGNINIYOG.</p> <p>Sang una nga tiyempo, ang mga pirata nga Muslim, masami nagapangsakop sang mga lugar nga ara sa higad sang dagat kag suba. Ginadakop nila ang mga pumuluyo, ginapriso kag ginahimo nga suluguon. Sa kahadlok sang mga tumandok sa mga pirata, nangita sila sang lugar para sa ila nga siguridad.</p> <p>Sa kada tion nga mahibal-an sang mga tumandok nga nagapadulong ang mga pirata nga Muslim, nagasinggit sila sang “TULUGBUNGAN” kag nagadinalagan pakadto sa lugar nga napalibutan sang madalom nga pil-as para indi sila dayon madakpan sang mga pirata. Ang lugar nga ini gintawag nga “TULUGBUNGAN”.</p> <p>Umpisa sa tion nga ato, ang lugar ginamitlang sang mga tumandok kon mag-abot ang mga pirata sa lugar. Ginasiling nila ang lugar nga “TUBUNGAN” kag didto sila tanan nagadinalagan para magpanago. Ini ginpundar sa tiyempo sang pagserbisyo ni Kapitan Filiciano Celiz sang tuig 1938.</p>	<p>Ang Barangay Tubungan ay matagpuan sa silangang bahagi ng Barotac Nuevo. Napatanyag ito noon sa pangalang “TULUGBUNAGAN” na may tatlong sitio na TAKAS, GINUG-AN, AT AGNINIYOG.</p> <p>Noong unang panahon, ay kadalasang sinasakop ng mga piratang Muslim ang mga lugar na matatagpuan sa tabi ng dagat at ilog. Hinuhuli nila ang mga naninirahan, ikinukulong o ginagawang mga katulong. Sa sobrang takot ng mga tao sa lugar na ito sa mga pirata, naghanap sila ng lugar para sa kanilang kaligtasan. Sa bawat pagkakataon na malalaman ng mga katutubo na paparating ang mga piratang Muslim, tumatakbo sila papunta sa lugar na napapalibutan ng malalim na mga bangin para hindi sila agad mahuli ng mga pirata. Ang lugar na ito ay tinawag na “TULUGBUNGAN”.</p> <p>Simula noon, sinasabi ng mga ninuno ang pangalan ng lugar kung darating ang mga pirata sa lugar ang “Tubungan”. Doon sila tumatakbo upang magtago. Nangyari ito sa panahon ng panungkulan ni Kapitan Filiciano Celiz noong 1938.</p>

Manghad 5. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Lincud

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>May kahalaman-utan nga ginhalinan ang istorya sang Barangay Lincud. Ang lugar nga ini may madamo nga tuburan (spring). Sa kadamuon sang mga tuburan sa lugar may isa gid ka tuburan nga naluyagan ang mga tawo bangud sang kabugnaw sang tubig. Ang mga tawo nagapaligo sa tuburan nga ini adlaw-adlaw. Wala nagakadulaan sang tawo ang tuburan halin sa kaagahon hasta sa kahapunanon kay indi sila makapaligo sang dululungan sa isa ka paliguan, isa-isa lang kay kon nagapaligo nagahublas sila kag naga lingkud gani kinahanglan nga tag-isa lang kon maligo. Ang kinaandan nga paglingkud samtang nagapaligo ang ginhalinan sang ngalan sang lugar. (Lincud means to sit or sitting).</p>	<p>May nakakatawang pinagmulan ang kuwento ng Barangay Lincud. Ayon sa kuwento, ang lugar na ito ay may maraming batis. Sa dinami-dami ng mga batis sa lugar, may iisang batis na nagustuhan ang mga tao dahil sa malamig na tubig. Ang mga tao ay naliligo sa batis na ito araw-araw. Hindi nawawalan ng tao ang batis mula sa madalingaraw hanggang takip-silim. Hindi sila makapaligo nang sabay-sabay sa isang paliguan, isa-isa lang sila kung naliligo dahil sila’y naliligo ng hubo’t hubad at nakaupo (lincud sa bisaya at sitting sa English). Ang kinagawiang pag- upo (lincud) habang naliligo ang pinagmulan ng pangalan ng lugar. (Lincud means to sit or sitting).</p>

Manghad 6. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Tinocuan

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang Barangay Tinocuan makit-an sa naaminhan kag nakatungdan nga parti sang banwa sang Duenas. Naaminhan kag sidlangan sang munisipalidad sang Dingle. Sa sidlangan sini ang Barangay Tabugon kag sa nabagatnan ang Barangay Buenavista.</p> <p>Sang-una nga tiempo may isa ka sakon nga Espanyol nga naga-estar sa lugar. Nagpatindog siya sang isa ka daku nga Bodega nga kon sa diin iya pagabutangan sang iya mga humay. Wala niya ginapahulam sa mga tawo ang iya humay ukon ginabaligya.</p> <p>Paglipas sang madamo nga tinuig nasupot ang humay kag nagbug-at nga indi na masarangan sang mga poste sang bodega ang kabug-aton sang iya unod. Ang mga haligi sang bodega nagtapok na kag daw matumba. Amat-amat nga naghilay ang bodega. Natublag ang sakon nga Espanyol nga kon paano niya makaayo ang iya bodega, para masalbar ang iya nga nasupot nga mga humay. Nagtawag siya sang manug-obra nga mga tawo para pabutangan sang “tuko” ang bodega para indi matumba. Bisan nabutangan na sang “tuko” ang bodega nagapadayon ini sa paghilay adlaw-adlaw. May isa ka babaylan nga ang iya ngalan si Juan nga nagtanyag sang iya bulig para masalbar ang bodega basta pagabayaran siya sa presyo nga luyag niya.</p> <p>Nagpasugot ang Espanyol kag gin-umpisahan ni Juan ang pagbutang sang “tuko” ang bodega. Ang mga “tuko” nga gingamit ni Juan halin sa pinili nga gulang nga “pusog” (trunk of bamboo poles) nga suno sa sugilanon nagtinir sang sobra sa singkwenta ka tuig (50 years) asta nga napatay ang Espanyol kag ang bodega nagtinir sa amo sina ka lawig asta nga maguba. Halin sa “tuko ni Juan” (Juan’s supporter), ginukha ang ngalan sang barangay Tinocuan.</p>	<p>Ang Barangay Tinocuan ay matagpuan sa hilaga at kanluran ng bayan ng Duenas, hilaga at silangan ng bayan ng Dingle. Sa silangan nito, ang Barangay Tabugon at nasa timog ang Barangay Buenavista.</p> <p>Noong unang panahon ay may isang naninirahan na sakim na Espanyol. Nagpatayo siya ng isang malaking bodega na pinaglalagyan niya ng kanyang mga palay. Hindi niya pinapahiram sa mga mamamayan ang kanyang palay at lalong hindi niya ito ipinagbibili.</p> <p>Pagkalipas ng maraming taon, naipon ang palay at ito’y bumigat na di na makayanan ng poste ng bodega ang bigat nito. Ang mga haligi ng bodega ay naging marupok at parang bibigay na. Unti-unting tumabingi ang bodega. Di-mapakali ang sakim na Espanyol kung paano niya maayos ang bodega at maligtas ang kanyang naimbak na palay. Tumawag siya ng manggagawa para malagyan ng “tuko” o karagdagang haligi ang bodega para hindi matumba. Kahit na ito ay nalagyan na ng mga “tuko” o karagdagang haligi, ang bodega ay patuloy pa rin na tumatabingi. Mayroong isang babaylan na nagngangalang Juan na nag-alok ng kanyang tulong upang iligtas ang bodega basta’t babayaran siya sa presyo na gusto niya.</p> <p>Pumayag ang Espanyol. Sinimulang lagyan ni Juan ng mga “tuko” ang bodega na galing sa piniling punong kawayan na kung tawagin ay “pusog” (trunk of a bamboo poles). Ayon sa kuwento tumagal ng limampung taon hanggang sa mamatay ang Espanyol at ang bodega ay tumagal din nang ganoon katagal hanggang sa ito ay nasira. Mula sa “tuko ni Juan” (Juan’s supporter), kinuha ang pangalan ng Barangay Tinocuan.</p>

Manghad 7. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Talusan

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang Barangay Talusan may kalayuon nga isa kag tunga ka kilometro halin sa Poblacion sang Dumangas. Ang pumuluyo sa lugar nga ini nagapuyo sang may kalinong kag paghiliusa.</p> <p>Gina-istorya sang mga katigulangan nga isa sadto ka adlaw may mga grupo sang mga Muslim nga nagasakay sa bangka nga nagdungka sa higad sang dagat sang Dumangas. Ginapamunuan ini sang ila nga Datu. Nagpundar sila sang temporaryo nga ilistarang sa lugar. Ang higad sang dagat sa tiempo nga ato puno sang kakahuyan kag mga tanum nga ginatawag nga “Badian” ukon “Talos”.</p> <p>Pagkalipas sang pila ka bulan nga ila pagpuyo sa lugar, may nagtubo nga indi mahibal-an nga balatian sa ila bilog nga lawas, ini tama gid kakatol. Gintilawan nila ang nagakalain-lain nga bulong pero indi gid makuha ang palangatol sa ila bilog nga lawas. Sang ulihi nagpangayo sila sang bulig sa albularyo (faith healer).</p> <p>Natingala gid ang mga Muslim nga ang gingamit sang surhano nga bulong mga dahon lang sang talus-talos kag nag-ayo ang ila balatian nga palangatol sang kalawasan. Bag-o maghalin ang Datu nga Muslim kag ang iya ginsakpan sa lugar, nagtugon siya sa mga pamuluyo nga pagahingalanan ang lugar nga</p> <p>“Talusan” gikan sa tanom nga Talus-talos nga nagp-ayo sa ila balatian.</p>	<p>Ang Barangay Talusan ay may layong isang kilometro at kalahati mula sa Poblacion ng Dumangas. Ang mga mamamayan sa lugar na ito ay namumuhay nang mapayapa at may pagkakaisa.</p> <p>Ayon sa kwento ng mga matatanda, isang araw, may mga pangkat ng mga Muslim na sakay ng Bangka ang dumaong sa tabi ng dagat ng Dumangas. Pinamumunuan ito ng kanilang Datu. Gumawa sila ng pansamantalang tirahan sa lugar. Ang tabi ng dagat noong panahong iyon ay puno ng mga punong-kahoy at mga tanim na kung tawagin ay” Badian” o “Talos”.</p> <p>Pagkalipas ng ilang buwan ng kanilang panirahan sa lugar, may kung anong tumubo sa kanilang katawan na di matukoy na ubod ng kati. Sinubok nila ang iba’t ibang gamot ngunit hindi napawi ang kanilang pangangati sa buong katawan. Kalaunan, humingi sila ng tulong sa “surhano” (faith healer).</p> <p>Nagtaka ang mga Muslim na ang ginamit ng manggagamot ay mga dahon lamang ng talus-talos at sila ay gumaling sa kanilang sakit. Bago umalis ang Datu kasama ang kanyang mga tauhan sa lugar, naghabilin sila sa mga mamamayan na pangalanan ang lugar na “Talusan” mula sa tanim na talus-talos na nagpapagaling sa kanilang sakit.</p>

Manghad 8. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Tambobo

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Ang tinaga nga “Tambobo” sa Hiligaynon nagakahulugan nga lugar sang talaguan ukon bodega sang mga produkto sa uma parehas sang humay kag mais.</p> <p>Sang-una nga tiyempo, ang lugar nga ini may tubig kag puno sang mga dalagku nga kahoy kag Nipa. Sang panahon sang Rebolusyon sang Filipino-Amerikano nga inaway, si Col. Quintin Salas, ang baganihan sang Dumangas, gingamit niya ang lugar nga talaguan sang ila mga konsumo nga pagkaon. Tama gid kaluwas ang lugar nga ini nga talaguan bangud sang dalagku nga mga kahoy kag Nipa nga makit-an sa lugar. Sang ulihi indi lang konsumo sang pagkaon ang ginatago sang mga suldado nga naga-away sa Amerikano sa lugar nga ini kundi pati na ang ila nga mga armas kag bala.</p> <p>Pagkatapos sang inaway sa Amerikano, nag-umpisa ang kalinong sa lugar. Ang mga dalagku nga kahoy ginpangtapas kag ang matubig nga lugar nagmala. Madamo nga mga tawo ang nagkadto para magpuyo kay malapit ini sa Poblacion. Sang mahimo na ini nga barangay, ginhingalanan ini nga “Tambobo” sa pagdumdom nga ang lugar sadto ang gintaguan sang mga pagkaon, armas kag bala sang tiyempo giyera sang mga Amerikano.</p>	<p>Ang salitang “Tambobo” sa Hiligaynon ay nangangahulugang lagakan o bodega ng mga produkto sa bukid tulad ng palay at mais.</p> <p>Noong unang panahon, ang lugar na ito ay matubig at puno ng malalaking punong-kahoy at nipa. Noong panahon ng Rebolusyon ng Filipino-Amerikano, si Col. Quintin Salas, bayani ng Dumangas ay ginamit ang lugar bilang taguan ng kanilang kunsumong pagkain. Ligtas ang lugar na ito na taguan ng kanilang pagkain dahil sa malalaking punong-kahoy at nipa na makikita sa lugar. Kalaunan, hindi lamang ito naging taguan ng konsumo ng pagkain. Dito rin nagtatago ang mga sundalo na nakikipaglaban sa mga Amerikano kundi at naging taguan na rin ng kanilang mga armas at bala.</p> <p>Pagkatapos ng Digmaan sa mga Amerikano, nagsimula ang katahimikan at kapayapaan sa lugar. Ang malalaking punong-kahoy ay pinutol at ang matubig na lugar ay natuyo. Maraming mga tao ang pumunta upang manirahan sa lugar dahil malapit ito sa Poblacion. Nang ito ay naging barangay, ito ay pinangalanan na “Tambobo” sa pag-alaala sa lugar na noon ay lagakan o taguan ng mga pagkain, armas at bala ng mga sundalo noong panahon ng digmaang Amerikano.</p>

Manghad 9. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Cubay

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Suno sa sugilanon sang mga tigulang nga nagakabuhi pa hasta subong, ang lugar sang-una sakop sang isa ka malapad nga baryo sang De La Paz. Ang lugar nga ini malapad kaayo nga ginapanag-iyahan nanday Tenyente Cantulicio Palabrica kag Anaclita Lademora.</p> <p>Gin-ilisan ang ngalan sang lugar nga ini bangud sa isa ka makasiligni nga hitabo. Siling ni Mrs. Perla P. Pascua, 55 anyos kag tumandok sa lugar nga ini, ang mga tawo tama gid ka masulundon sa suldado nga Katsila kag sila nagapuyo sa lugar sang malinong kag matawhay hasta nga nag-abot ang tuig nga mil nuwebe sientos trese (1913) De La Paz man sa gihapon ang ngalan sang lugar nga ini. Ang mga tawo sa lugar, aga pa nagabugtaw para obrahon ang ila kinaandan nga ulubrahon sa sulod sang balay parehas sang pagsagob, pagpaligo kag pagpanglaba. May isa ka bubon nga kon tawgon “awang” nga ginakuhaan sang tubig. Sa malain nga swerti, may isa ka pangayaw sa lugar ang may malain nga tuyo, ginhungod niya nga wala na sang tawo ang lugar, ginbutangan niya sang hilo ang bubon o “awang” para magkalamatay ang mga tawo. Pagkasunod nga adlaw, madamo ang nagkalamatay nga tawo nga kon sa “Bisaya”pa nagakururubay ang mga bangkay. Sa sulod sang isa ka semana tunga gid sang pumuluyo ang napatay kag ginlubong. Umpisa sadto ang ngalan nga De La Paz gin-islan sa ngalan nga Cubay, naghalin sa tinaga nga nagakururubay.</p> <p>Ang lugar malapit sa pangpang sang suba nga Agutayan nga kon sa diin ginakuhaan sang pagkaon sang pumuluyo parehas sang isda kag iban pa nga pagkaon nga makuha sa suba. Pagsagod sang kasapatan parehas sang kanding, baboy, karbaw kag iban pa. Ang mga kababaihan nagahimo sang kalo, basket kag banig pa nga himo sa buri. Ini ginabaligya sa malapit nga mga kabanwahanan sakay sa karusa.</p> <p>Ginagamit man sang mga tawo ang mga dahon sang nagakalain-lain nga tanom bilang bulong sa balatian. Paltera ang nagapabata sa mga nagabusong. Kalabanan sang mga balay nahuman sa kogon kag kawayan. Ginagamit sang Tenyente ang “Budyong”, himo sa sungay sang karbaw nga kon imo huyupon may naga-guwa nga tunog para pagatawgon ang iya mga sinakpan kon may paghinun-anon kag pagimplementar sang laye. Mabudlay ang transportasyon sa tiyempo nga ini nga kinahanglan pa sang mga tawo nga maglakat para malab-ot ang iningod nga barangay.</p>	<p>Ayon sa kuwento ng matatandang nabubuhay pa sa kasalukuyan, ang lugar noon ay sakop ng napakalawak na nayon ng De La Paz. Ang lugar ay may malawak na lupain na pagmamayari nina Tenyente Cantalucio Palabrica at Anaclita Lademora.</p> <p>Napalitan ang pangalan ng lugar. na ito dahil sa isang kahindik-hindik na pangyayari. Ayon kay Gng. Perla P. Pascua, taal ng lugar na ito, ang mga tao noon ay masunurin sa mga sundalong Kastila at sila ay namumuhay ng matahimik at mapayapa hanggang sa taong Labinsiyam Labintatlo (1913.) De La Paz pa rin ang pangalan ng lugar na ito. Ang mga tao sa lugar ay maagang gumigising upang gampanan ang pang-araw-araw na tungkulin sa loob ng bahay tulad ng pag-iigib, paliligo at paglalaba. May isang balon na kung tawagin ay “awang” na siyang pinagkukunan ng tubig. Sa kasamaang palad may isang dayo sa kanilang lugar na may masamang balak, tinaon niyang walang tao sa balon o “awing” at nilagyan niya ng lason ang balon upang mamatay ang mga tao. Nang sumunod na araw, maraming tao ang namatay na kung sa wikang Hiligaynon ay nangangahulugang “nagakururubay” o nakahilera ang mga bangkay. Sa loob ng isang linggo, halos kalahati ng mga naninirahan dito ay namatay at nilibing. Mula noon, ang pangalang De La Paz ay pinalitan ng pangalang Cubay galing sa salitang Bisaya na “nagakururubay” (nakahilera).</p> <p>Ang lugar ay nasa tabi ng Ilog Agutayan na kung saan kumukuha ng pagkain ang mga mamamayan tulad ng isda at iba pang biyaya na makukuha sa ilog. May nag-aalaga ng mga hayop tulad ng kambing, baboy, kalabaw at iba pa. Ang mga babae ay gumagawa ng mga sombrero, basket at banig na yari sa buri at ipinagbibili. Ang mga produkto ay inilalako sa karatig-bayan sakay sa “Karusa” na hila ng kalabaw.</p> <p>Ginagamit ng mga tao ang mga dahon ng iba’t ibang tanim bilang panlunas sa mga sakit. Kumadrona o hilot ang nagpapaanak sa mga buntis. Karamihan sa kanilang mga bahay ay yari sa kogon at kawayan. Ginagamit ng kanilang Tenyente ang “Budyong”, isang bagay na gawa sa sungay ng kalabaw na kapag hinipan mo ay may lumalabas na tunog para tawagin ang kanyang mga sakop sa pagpupulong at pagpapatupad ng batas. Mahirap ang komunikasyon at transportasyon sa panahong ito na kailangan pang maglakad ng mga tao upang marating ang karatig-nayon.</p>

Manghad 10. Salin sa Filipino ng alamat ng Barangay Rumagayray

Tekstong Hiligaynon	Tekstong Filipino
<p>Sang una nga tiyempo, sa isa ka surudlon nga lugar sang bukid Putian, nga kon sa diin ang lugar ginapalibutan sang mga dalagku nga puno sang kahoy. Ang mga tawo sa lugar nagapangabuhì sang masulhay nga ginadumalahan sang makusog kag maalam nga Datu, nga ang iya ngalan amo si “Oray”.</p> <p>Sa lugar nga ini makit-an ang madamo kag matinlo nga tuburan nga ginakuhaan sang mga tawo sang ila ilimman, ginapaligo, ginapanglaba kag iban pa nga kinahanglanon sa sulod sang panimalay. Kalabanan sang mga balay sa lugar nga ini magagmay. Pangabuhian sang mga tawo ang pagsagod sang kasapatan kag pagtanom sang nagapang-unod nga tanom parehas sang kamote, ube, balinghoy kag iban pa.</p> <p>Isa sadto ka adlaw, may mga pangayaw nga nagkadto sa malinong nga lugar nga ini para mangita sang ila pangabuhian. Sang pag-abot nila sa tiilan sang Bukid Putian, nakit-an nila ang asawa ni Datu Oray nga nagapaligo sang iya agot nga bata. Nagpalapit sila para pamangkuton kon sa diin sila nagakuha sang tubig nga ginapanglaba.</p> <p>Nagsinggit ang asawa sang datu nga “Datu Oray”, gani abi niya ginapamangkot siya kon sin-o ang iya bana. Sang mabatian sang mga pangayaw ang ngalan nga ginasinggit sang babaye, nagtango-tango sila kag nagsiling nga “Oray”. “Oray”! nga sang ulihi nahimo nga “Rumagayray”, ang ngalan sang lugar.</p>	<p>Noong unang panahon, sa isang liblib na pook ng Bundok Putian, na kung saan ang lugar ay napapaligiran ng malalaking punongkahoy. Ang mga tao ay may masaganang pamumuhay na pinamumunuan ng isang malakas at matalinong Datu na ang pangalan ay “Oray”.</p> <p>Sa lugar na ito, matatagpuan ang marami at malinis na batis na pinagkukunan ng mga tao sa lugar ng kanilang inuming tubig, pampaligo, panglaba at iba pang gamit sa tahanan. Halos karamihan ng bahay sa lugar na ito ay maliliit. Hanapbuhay ng mga tao ang pag-aalaga ng mga hayop at pagtanim ng halamang-ugat tulad ng kamote, ube, kamoteng kahoy at iba pa.</p> <p>Isang araw, may mga dayuhan na dumayo sa tahimik na lugar na ito upang maghanap ng kanilang pangkabuhayan. Nang dumating sila sa pusod ng Bundok Putian, nakita nila ang maybahay ni Datu Oray na pinapaliguan ang kanyang bunsong anak. Lumapit sila upang magtanong kung saan sila kumukuha ng tubig panlaba.</p> <p>Sumigaw ang asawa ni Datu Oray ng “Datu Oray”, akala niya na tinatanong siya kung sino ang kanyang asawa. Nang marinig ng mga dayuhan, ang pangalang sinisigaw ng babae, sila ay tumango-tango at nagsabing “Oray!”, ”Oray”! na kalaunan ay naging “Rumagayray”, ang pangalan ng lugar.</p>

Pagsusuri ng mga piling alamat ayon sa dulog Historikal, Sosyolohikal, at Kultural Pagsusuri Gamit ang Pananalig at Dulog Pampanitikan na Historikal

Sa pagsusuring ginawa sa mga alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo, may apat na panahon ng kasaysayan ang lumutang: Panahon bago dumating ang mga Kastila, Panahon ng mga Kastila, Panahon ng mga Amerikano, at Panahon ng Hapon.

Panahon Bago Dumating ang mga Kastila

Ang Iloilo bago pa man dumating ang mga Kastila ay mayroon ng nananahan bagamat ang mga lugar ay walang tiyak na panahon ng pagkakabuo ng mga pangalan. Kapansin-pansin sa pagsusuri ng mga alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo na ang mga lugar bago dumating ang mga Kastila ay may mga pangalan na hango sa bagay, tanim, at pangyayari.

Barangay Baras. Ang pagkapangalan ng lugar ay hango sa isang bagay o uri ng lupa (sand). Sinang-ayunan ito ni Gng. Rosa Calvo Barogo, animnapu’t dalawang taong gulang (62) na ang “Ang baras (sand) may daku nga kaangtanan sa paghingalan sang amon

barangay”. (Ang baras (sand) ay may malaking kaugnayan sa pagpangalan ng kanilang barangay).

Barangay Lincud. Ang Barangay Lincud ng Dingle, Iloilo ay hango sa pangyayari o kanapan na kung saan masasalamín ang ugali ng mga ninununo natin noong panahon na naliligo na walang saplot at may respeto sa isa’t isa.

Barangay Talusan. Ito ay hango sa pangalan ng dahon na talos-talos na ginamit ng mga ninuno sa panggagamot sa isang uri ng sakit na pangangati ng katawan ng mga mananakop.

Barangay Tinori-an ang pangalan ay hango sa pangyayari na pagtutuli sa mga kalalakihan ng mga dayuhan bilang libangan sa mga katutubo. Ang salitang tori na ang ibig sabihin ay pagtutuli.

Ang salitang “baras” sa Brgy. Baras, “talusan” sa Brgy. Talusan, “tori” ng Brgy. Tinori-an” at “lincud” sa Brgy. Lincud ay ipinangalan sa lugar na pawang mga salitang katutubo na bagay, tanim at mga pangyayari.

Panahon ng Pananakop ng Kastila

Ang tatlong daang pananakop ng mga Kastila ay nagdulot ng maraming pagbabago sa takbo ng

kasaysayan ng Iloilo lalo na sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo.

Ang ilang patunay na malaki ang naging impluwensya ng mga Kastila sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay ang pagkapangalan ng mga lugar tulad ng Barangay Palaciawan sa Barotac Nuevo, Iloilo. Ayon sa kuwento noong panahon ng Kastila may isang opisyal na Kastila na ubod ng yaman at maimpluwensya na nakatira sa isang palasyo na ang lahat na magugustuhan niyang magagandang dalaga ay maging kanyang asawa. Nagmula ang pangalan ng barangay sa salitang “Palacio Want” na kalaunan ay nagiging pangalan ng lugar na “Palaciawan”.

Ang Barangay Tinocuan sa Dingle, Iloilo ay pinaniniwalaang naging barangay noong panahon ng Kastila dahil sa tahasang binanggit sa alamat ang mayaman at sundalong Kastila na nagmamay-ari ng bodega ng palay na dahil sa dami at bigat ng naipong palay ay tumabing ang bodega at kailangang lagyan ng “tuko” o karagdagang haligi ang bodega. Ang pangalan ng barangay ay mula sa “tuko ni Juan” (Juan’s supporter).

Ganoon din ang pagkapangalan sa Barangay Rumagayray, San Enrique, Iloilo. Ang lugar ay pinamumunuan ng malakas at matalinong Datu. Nang dahil sa di pagkakaunawaan ng asawa ni Datu Oray at ng mga dayuhan na nagtatanong kung saan sila kumukuha ng tubig panlalaba na akala niya ay tinatanong siya kung ano ang pangalan ng asawa niya at sumigaw siya ng “Datu Oray”. Tumango-tango ang dayuhan at nagsabing “Oray”! “Oray”! na kalaunan ay naging Rumagayray, ang pangalan ng lugar.

Panahon ng Amerikano

Nang matapos ang mahabang pananakop ng mga Kastila sa kapuluan ng Pilipinas, sinundan ito ng pananakop ng bansang Amerika. Ang pagdating ng mga Amerikano sa kapuluan ay nagdala rin maraming pagbabago sa buhay ng mga tao sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo.

Ang pangalan ng Barangay Tambobo sa Dumangas, Iloilo ay hang sa lokal na salita na “tambobo” na ibig sabihin ay lagakan o bodega ng mga produkto sa bukid tulad ng mais at palay. Tahasang binanggit sa kasaysayan na noong Panahon ng Rebolusyon ng Filipino-Americano, si Col. Quintin Salas, bayani ng Dumangas, Iloilo. Ginamit niya at ng kanyang mga sundalo ang lugar na ito bilang imbakan ng kanilang pagkain na kalaunan dito na rin nagtatago ang mga sundalo na nakikipaglaban sa mga Amerikano at maging ng kanilang mga armas at bala.

Ang Brgy. Cubay, San Enrique, Iloilo ay may dating pangalan na Barangay De La Paz hanggang 1913. Nang dahil sa isang kahindik-hindik na pangyayari na pagkalason ng mga tao sa lugar na sa loob ng isang linggo ay kalahati ng mamamayan ay nangamatay na sa wikang Bisaya ay “nagakururubay” o nakahilera ang mga bangkay sa lugar. Ang pangalang De La Paz ay pinalitan ng pangalang Cubay galing sa salitang Bisaya na “nagakururubay” (nakahilera).

Panahon ng Hapon

Makaraan ang pananakop ng mga Amerikano, naging isang malayang bansa na ang Pilipinas. Nang magkaroon ng kalayaan ay masaya nitong tinamasa ng lipunan at dahan-dahang nagkaroon ng pag-unlad sa maraming larangan tulad ng pamamahala. Nagkaroon ng sariling pamahalaan at pamunuan ang Pilipinas. Mayroon nang itinanghal na Pambansang Wika, Pambansang Awit, Pambansang Damit, Pambansang Bayani at marami pang iba. Nang maitanghal na bayani si Gat. Jose Rizal, labis siyang naging tanyag. Marami sa ating lugar sa Pilipinas ay ipinangalan sa kanya.

Pagsusuri Gamit ang Pananalig at Dulog Pampanitikan na Sosyolohikal

Sa bahaging ito ay napatunayan ng mananaliksik na may sosyolohikal na aspeto ang mga alamat sa panlipunang kaganapan na sumasalamin pamilya, pamumuhay, relasyon/pakikitungo, at pamamahala.

Pamilya

Ayon sa ating Saligang Batas, ang pamilya ang siyang pangunahing bahagi ng lipunan. Ito ang napakalaking bahagi sa buhay ng ating mga ninuno. Batay sa mga alamat, isa ang pamilya sa pinakasentro ng pamumuhay noon. Kapansin-pansin sa mga alamat ang malalim na pagpapahalaga sa pamilya. Ang pagpapahalagang ito ay makikita sa mga alamat sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo.

Barangay Tubungan. Ang pangangalaga sa kaligtasan sa isa’t isa ang ipinamalas sa alamat ng Barangay Tubungan, Barotac Nuevo, Iloilo. Ang mga liping Ilonggo ay may malakas na malasakit sa kaligtasan isa’t isa lalo na at buhay ang pinag-uusapan. Ang kaugaliang ito ay nagsimula noon hanggang ngayon.

Barangay Cubay. Ang pagiging maasikaso ng mga tao sa pamilya sa Brgy. Cubay, San Enrique, Iloilo ay makikita sa mga ikinilos ng mga tauhan sa pang-araw-araw nilang gawi. Ang pagmamahal sa pamilya ay hindi matutumbasan ng pera kundi ng sariling haplos at pagmamahal.

Barangay Rumagayray. Ipinakita ng asawa ni Datu Oray, sa alamat ng Brgy. Rumagayray, San Enrique, Iloilo. Ang pagpapaligo ng kanilang anak sa batis ay nagpapakita ng pagkalinga at pagmamahal sa anak.

Relasyon/Pakikitungo

Barangay Baras. Matatag na relasyon ang kailangan ng isang pamayanan upang mapabilis ang pag-unlad. Ang magandang ugnayan at komunikasyon ay mabisang sandata tungo sa iisang adhikain ng pamayanan. Napatunayan ito ng mga Pilipino noong EDSA 1 at EDSA 2.

Pamamahala

Ang pamahalaan ay isang institusyong binubuo ng mga taong nagpapatakbo ng isang yunit, pamayanan o bansa na may layuning ipatupad ang mga batas batay sa pinagkasunduan ng mga nasasakupan nito. Maraming uri ng pamahalaan depende sa lugar at saklaw ng kanyang nasasakupan.

Barangay Palaciawan. Ang pamamahala ng isang pamayanan ay hindi ang kagustuhan lamang ng namamahala ang masusunod kundi kailangan din nito na makikisama at makinig ang sa mga pangangailangan at hinaing ng mga nasasakupan upang matamo ang matiwasay at mapayapang pamumuhay ng mga tao sa pamayanan.

Barangay Rumagayray. Ang lakas at talino ay kailangan sa namumuno ng isang lugar dahil kung ang katangiang ito ay salat magiging mahina ang pagpapatupad ng batas at magreresulta ng kawalan ng tiwala sa pamamahala. Ang maayos na pamumuno at pagpapatupad ng batas ay magreresulta ng kapayapaan sa isang pamayanan at ang marahas na pamumuno ay magreresulta ng pagkatakot at pag-alis ng mga tao sa lugar.

Pagsusuri Gamit ang Pananalig at Dulog Pampanitikan na Kultural

Sa pag-aaral na ito ay pinagtuunan ng mananaliksik ng kaukulang pansin ang kahalagahan at papel ng kultura sa pagsusuri ng mga alamat. Ang kulturang tinalakay ay nakatuon sa materyal at di - materyal na sangkap ng kultura na kinabibilangan ng kagamitan, bahay, pagkain, pagpapahalaga, paniniwala, kapaligiran, pananampalataya/ pananalig, edukasyon, kabuhayan, kaugalian at wika ng mga tao kung saan pinaniniwalaang naganap ang mga alamat.

Materyal na Kultura

Kagamitan. Ayon sa mga kaalamang nakalap ng mananaliksik, mga payak na uri ng kagamitan ang makita sa bahay ng mga tao noon na kadalasan yari sa mga lokal na materyal gaya ng kawayan at nipa. Ito ay makikita sa Barangay Cubay. Masasalamang ang pagiging tunay na Pilipino sa mga kagamitang nabanggit tulad ng sombrero karamihan sa mga magsasaka at manggawang Pilipino ay gumagamit nito. Ang basket, sa isang tipikal na Pilipino makikita ang basket na nakasabit sa may kusenang bahagi ng bahay dahil ito ay lalagyan ng mga pagkain at mga sangkap sa pagluluto. Ginagamit din ito ng mga kababaihan na lalagyan ng pagkain sa paghatid ng pagkain sa bukid. Simple lamang ang pamumuhay noon ng mga Pilipino, banig ang ginagamit na higaan sa pagtulog sa gabi. Karusa isang uri ng sasakyan na gawa sa kawayan na hinihila ng kalabaw upang ikarga ang mga produkto sa bukid pauwi sa tahanan o dalhin sa karatigbayan upang ipagbili. Ito ay sinasakyan din ng maysakit upang dalhin sa manggagamot. Ang budyong ay mahalagang kasangkapan sa komunikasyon ay sa pagtawag ng nasasakupan sa pagpapatupad ng isang gawain, batas at pagpupulong.

Pagkain. Alinsunod sa uri ng pamumuhay na ubod ng kapayakan, ang mga uri ng pagkain noon ay nagmula rin sa mga katutubong pananim na makikita sa kapatagan at Kabundukan ng Barangay Rumagayray.

Di Materyal na Kultura

Pagpapahalaga. Natanto rin ng mananaliksik sa kanyang pagsusuri ng mga alamat ang pagpapahalaga sa mabuting samahan ng pamilya kung saan bawat kasapi nito ay nagtutulungan at nagkakaisa sa pagpapanatili ng magandang samahan.

Barangay Tubungan. Ang pangangalaga sa kaligtasan sa isa't isa ang ipinamalas sa alamat ng Barangay Tubungan, Barotac Nuevo, Iloilo. Ang mga liping Ilonggo amay malakas na malasakit sa kaligtasan isa't isa lalo na at buhay ang pinag-uusapan. Ang kaugaliang ito ay nagsimula noon hanggang ngayon.

Barangay Cubay at Rumagayray. Ang pangangalaga sa kaligtasan sa isa't isa ang ipinamalas sa alamat ng Barangay Cubay at Rumagayray, San Enrique, Iloilo. Ang mga liping Ilonggo ay may malakas na malasakit sa kaligtasan isa't isa lalo na at buhay ang pinag-uusapan. Ang kaugaliang ito ay nagsimula noon hanggang ngayon.

Barangay Palaciawan. Ang karangalan ng dalagang Pilipina ang kayamanan na

ipinangalandakan niya sa kanyang mapapangasawa. Isa itong kayamanan na pinananatili ng isang babae bago siya makapag-asawa.

Barangay Lincud. “Ang kalusugan ay kayamanan”, ang kalinisan sa katawan ay isa sa mga pinapahalagahan nating mga Pilipino. Itinuro ito mula pagkabata hanggang sa tumanda upang mapanatili ang kalusugan. “Ang yaman ng bansa ay nakasasalalay sa kalusugan ng mamamayan.”

Paniniwala. Marami pang taon bago pa man nagkaroon ng pananampalatayang Kristyano, marami nang iba’t-ibang paniniwala gaya ng paniniwala sa kababalaghan, sa dwende, kapre at sa tikbalang. Ang mga pinsalang dulot ng mga ito ay kanilang inilalapat sa mga albularyo o surhano na pinaniniwalaan nilang nakapagpapagaling o nakapagpapaalis ng mga sakit o pinsala dulot ng mga ito.

Barangay Talusan. Marami sa ating mga Pilipino na hanggang sa ngayon ay naniniwala sa panggagamot na gamit ang herbal na medisina. Marami ang nagpapatunay nito na sila ay napagaling. Ang panggagamot gamit ito ay nagmula pa noon hanggang sa ngayon.

Kaugalian. Isa sa mga paksa sa alamat ay ang pagtaguyod sa mabubuting kaugalian.

Barangay Talusan. Ang pagiging matulungin, may malasakit sa kapwa ay isa sa mga kaugalian nating mga Pilipino. Kahit sino ka man, saan ka na tribo napapabilang, tayo ay magkakapatid at kailangang magdamayan sa oras ng pangangailangan. Ito ay napapatunayan na nating mga Pilipino sa mga kalamidad na dumarating sa ating bansa, tayo ay hindi nagpapabaya sa isa’t isa. Kapit-bisig nating hinarap ang problema.

Barangay Tinocuan. Bayanihan, isa sa mga ugaling Pilipino na naging tatak na ng ating kultura na hindi makita sa ibang bansa.

Pangkabuhayan

Barangay Cubay. Iba’t ibang uri ng pangkabuhayan ang natunghayan sa mga alamat. Ang pangunahing hanapbuhay ay pangingsda, pag-aalaga ng mga hayop, paggawa ng kagamitan na yari sa lokal na materyal at pagtitinda o paglalako ng mga produkto.

Barangay Rumagayray. Ang kasipagang ipinamalas ng mga Pilipino sa Agrikultura ngayon ay nag-uugat sa uri ng hanapbuhay ng mga tao noon.

Wika. Karamihan sa mga pangalan ng mga alamat ay nag-uugat sa di pagkakaunawaan ng mga dayuhan at mga katutubo. Ito ay nakakatawang pangyayaring

nakapagpapatid sa atin sa kahalagahan ng wika para magkaunawaan ang mga tao.

Pagtalakay ng Implikasyon ng mga Alamat sa Gawi, Paniniwala, Pag-Uugali at Pamumuhay ng mga Ilonggo sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo

Ang mga kaganapang impluwensya ng mga alamat na nakalap sa Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay malinaw na nagpakita sa mga gawi, paniniwala, pag-uugali at pamumuhay ng Ilonggo. May implikasyon ding nakita maging sa gawi, paniniwala, pag-uugali at pamumuhay ng mga Ilonggo.

Isa sa mga ito ay ang magandang gawi ng mga Ilonggo tulad ng pagtutulongan sa isa’t isa, pangangalaga sa pamilya, pagpapahalaga sa kalinisan sa katawan at tahanan, may paggalang at pagsunod sa lider at matatanda at ang pagiging masipag. Ang mga gawing ito ay kita pa rin hanggang sa kasalukuyan. Ito ay matutunghayan sa mga alamat ng Tubungan, Lincud, Cubay, Rumagayray, Tinori-an at Tinocuan.

Isa pang kaganapan na nakita sa alamat ay ang panggagamot gamit ang herbal na medisina bilang panlunas sa karamdaman. Popular sa kasalukuyan ang mga panlunas na ito dahil sa sobrang mahal ng bilihing gamot sa botika at ang pagiging epektibo sa iba’t ibang uri ng sakit.

Nag-iba na rin ang pamumuhay dahil sa pagbabago ng panahon. Ang mga modernong pamaraan ng pagsasaka, panghuhuli ng isda, ang mabilis na paglago ng mga gulay at mabilis na pamumunga ng mga punongkahoy, ang mabilis din na paglaki ng mga baboy, manok at iba pang hayop ay dala ng makabagong teknolohiya. Ngunit ang lahat na ito ay may pinag-uugatan. Ang ating mga katutubo ay kinikitaan nang ganitong uri ng kabuhayan.

Sa ginawang pag-aaral ng mananaliksiksik, nakikita na karamihan sa mga taga- Ikaapat na Distrito ng Iloilo ay nakitaan ng positibong saloobin tulad ng mabuting gawi, paniniwala, pag-uugali at pagpapahalaga. Kasisinagan ito ng kanilang pagiging makatao, magalang, masipag, matulungin, matatag, makabayan, responsible, masayahin, mapamaraan, mapagmahal, makapamilya, mapagmahal sa kalayaan, magiting, matapang sa pagharap ng problema, may pagmamalasakit sa kapwa at mapagkumbaba.

Ang mga nabanggit na mabubuting gawi, kaugalian at pagpapahalaga ay masasalamain sa lahat ng alamat na ginamit sa pag-aaral - mga kanais-nais na tatak ng mga Ilonggo sa kasalukuyan.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang mga Ilonggo ay may mga natatanging alamat na naging dahilan sa pagkapangalan ng bawat barangay na naganap sa iba't ibang panahon, na ipinamalas sa alamat ang kasaysayan, pamumuhay at kultura ng mga Ilonggo. Naging malaki ang kaugnayan ng alamat sa gawi, paniniwala, pag-uugali at pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan.

Bilang tugon sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Pag-ibayuhin ang paggamit ng mga katutubong alamat sa pagtuturo lalo na sa antas primarya upang maisapuso ng mga batang mag-aaral ang sariling kulturang Pilipino;

2. Dapat ding ipaalam sa mga magulang at buong komunidad ang mga alamat upang magkaroon sila ng komprehensibong kamalayan tungkol sa naunang paniniwala, kultura at tradisyon na siyang malaking tulong sa pagpapalawak ng kamalayan ng kanilang mga anak sa sariling kultura at paniniwala;

3. Isama sa kurikulum ng K-12 ang mga naisaling alamat; at

4. Upang mas lalo pang malalaman ang mga lokal na alamat ay dapat ipagpatuloy ang pagsasalin at pagsusuri sa iba't-ibang lugar sa Rehiyon VI at maging saang panig ng bansang Pilipinas upang lalo pang mapayaman at mapalawak ang Panitikan Filipino.

TALASANGGUNIAN

- [1] Robbs, B. (2006). Marketing. Microsoft@Encarta@2007[DVD].
- [2] Santiago, E. et al. (2006). Panitikang Filipino, Kaaysayan at Pag-unlad (Pangkolehiyo). Mandaluyong City: National Bookstore Inc.
- [3] Santiago, A. O. (1976). Sining ng Pagsasaling-Wika. Manila: Rex Bookstore Inc.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).